# Balitang Manmin

BILANG 77 PEBRERO 3, 2013


# GCN TV – Naghahatid ng Kasaganahan sa Kaluluwa Ninyo!

## Mga Programang Pang-Cristiano sa TV para sa Mahigit 170 Bansa




Noong araw na sinimulan ang GCN TV, may nakitang maningning na krus sa kalangitan sa ibabaw ng Empire State Building kung saan nakalagay ang mga 'transmitter' ng GCN TV.

Napakabilis ng buhay sa panahon ngayon, napakamoderno na ng teknolohiya. Nandiyan ang mga satellites, cable, network, IP TV, at smart phones. Sarisaring klase na ang media at patuloy na nadadagdagan ang mga ipinapalabas kaya nahihirapan ang mga manonood na pumili ng mataas na uri at may itinuturong programa.

Ang producer ang naghahatid sa tao ng kaligtasan, banal na paggaling, pagbabago, at mga biyaya sa nakatakdang oras ng pagbobrodkast. Bilang isang Cristianong istasyon, ang GCN TV (sa pamumuno ni Dr. Jaerock Lee, website: www.gcntv.org) ang nagpapalaganap ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Ito ay itinatag para lang sa kaluwalhatian ng Diyos na may Tatlong Persona at para sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa lahat ng tao sa lahat ng mga bansa.

Nagbibigay ng liwanag ng katotohanan ang GCN TV sa mga nagdurusa sa mga karamdaman at iba't ibang problema. At ipinapahayag at pinapatunayan nito sa mga hindi mabilang na makapangyarihang pagkilos na ang Diyos ay buhay at si Jesu-Cristo ang Tagapagligtas.

Nagpapalabas ang GCN TV ng iba't ibang klaseng programa katulad ng 'Word of Life' (Ang Salita ng Buhay) ni Dr. Lee, 'The Secret of Power' (Ang Lihim ng Kapangyarihan) at 'Original Voice' (Orihinal na Tinig) na nagpapatunay na ang mga nakasulat sa Biblia ay totoo sa pamamagitan ng mga patotoo ng mga manonood. Mayroon ding serye ng sermon si Pastor Soojin Lee, ang 'I Will Do It' (Gagawin Ko Ito), at 'Praise and Worship' (Papuri at Pagsamba) na nagpapakita ng kagandahan ng langit sa dekalidad na pang-kulturang pagtatanghal.

Higit pa riyan, ang GCN TV ay mayroong sistema ng sabay-sabay na pagsasalin sa wikang Koreano, Ingles, Kastila, Ruso, French, at Urdu sa pagbobrodkast nila. Nakakatulong ito para maintindihan ng taga-ibang bansa ang pinapanood nila.

Ang pinakamaganda sa mga programa ay ang 'Word of Life' ni Dr. Jaerock Lee. Ang pangunahing mga sermon niya gaya ng 'The Message of the Cross', 'The Measure of Faith', 'Heaven', 'Hell', 'Nine Fruits of the Spirit', at ang 'Love Chapter' ay naipalabas na sa buong mundo.

Bilang preparasyon sa 'digital television' na naisakatuparan noong Enero 1, 2013, sinimulan ng GCN TV ang paggawa ng mga programang ginagamitan ng pinakamoderno at mataas na klaseng teknolohiya. Napupuri ang mga programang ito partikular na ang mga sermon ni Dr. Lee at ang panalangin para sa mga may sakit na ipinapalabas ng tatlong beses sa isang araw. Dahil dito, maraming tao ang tumanggap kay Jesu-Cristo, naging Cristiano, at nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa distansya at panahon.

Bukod pa dito, maaaring makisali ang mga manonood sa lahat ng pagsamba ng Manmin Central Church, sa pulong panalanging Daniel, at sa iba pang programa dahil nasa mobile web din ito. Pwede itong panoorin 24 oras araw-araw sa smart phone – m.gcntv.org.

May matatag na ugnayan na rin ang GCN TV sa mga kilalang brodkaster tulad ng NRB Network, Enlace, Rodnoy TBN, at CNL. At ibinobrodkast na sa mga pampublikong istasyon, mga satellite at cable TV ang mga programa sa may 170 bansa. Pwede na itong mapanood kahit anong oras at lugar. Umaasa kami na maraming tao ang manonood dito ngayong 2013, mga naghahangad ng mga sagot at biyaya mula sa Diyos.

# Ang Kalooban ng Diyos sa Pagwawakas ng Panahon

"[Ang Diyos] na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan" (1 Kay Timoteo 2:4).

Ang Diyos ay pag-ibig, kaya gusto Niyang ang lahat ng tao (mahigit sa pitong bilyon) ay makarinig ng ebanghelyo ng kabanalan, maligtas at mabatid ang katotohanan. Ang kalooban Niya sa pagwawakas ng panahon ay ang plano Niyang kaligtasan para sa maraming tao. Kaya sa taong 2013, ano ang dapat nating gawin para matupad nang lubos ang kalooban Niya?

### 1. Ang pag-ibig ng Diyos ay nakapaloob sa salitang 'Manmin'

Gustong ipahayag ng Diyos Ama ang kalooban Niyang iligtas ang 'Manmin' na ang kahulugan ay 'lahat ng mga bansa' o 'lahat ng tao' sa pamamagitan ng iglesyang ito. Ito ang dahilan kung bakit 'Manmin Church' ang ipinangalan dito. Mula nang pumasok ako sa seminaryo sa edad na 37, pinaghandaan ko na ang pagbubukas ng isang iglesya kahit noong nasa unang taon pa lang ako. Pinakadalangin ko na ang Diyos mismo ang magbigay ng pangalan dito. Pagkalipas ng tatlong taon, sinagot ako ng Diyos. Sinabi Niya, "'Manmin Church' ang ipangalan mo sa iglesya".

Para matupad ang kalooban Niya sa katapusan ng panahon, itinatag Niya ang iglesyang ito at tinawag na 'Manmin Church'. Pero dahil inaasahan naming magkakaroon ito ng maraming sangay na iglesya, tinawag namin itong 'Manmin Central Church'. At ngayon, mayroon na itong mahigit sa 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya.

Ang dakilang plano na iligtas hindi lang ang mga miyembro ng Manmin kundi lahat ng mga tao sa mundo ay kalooban na ng Ama. Ngayon na ang panahon para sa masigasig na pagpapahayag ng planong ito. Pwedeng sabihing magpahanggang ngayon ay pinaghahandaan pa rin ito ng Diyos. Para matupad ang plano, dapat simulan ang malawakang espirituwal na labanan.

Pinaghahandaang mabuti ng isang magaling na heneral ang labanan. Dapat muna ninyong ihanda ang mahuhusay na armas. At dapat dumaan sa matinding pagsasanay ang mga sundalo ninyo. Dapat maging magaling sila sa paghawak ng mga armas at dapat naiintindihan nila ang mga pamamaraang gagamitin o estratehiya. Bukod pa dito, dapat nakahanda silang sumunod sa utos ng mga opisyal nila. Ibig sabihin, dapat sundin ang disiplinang pangsundalo. Higit sa lahat, may kumpiyansa ang mga sundalong mananalo sila. Ganito rin sa espirituwal na labanan. Kung gaano katindi ang pagnanais na makapagligtas ng mga kaluluwa, ganoon din dapat katindi ang paghahanda ninyo (Efeso 6:12-13).

### 2. Paghahanda ng Diyos para sa plano Niya sa pagwawakas ng panahon

**Una sa lahat, binigyan tayo ng Diyos ng pinakamahusay na klaseng kagamitan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa.**

Para magligtas ng mga kaluluwa, ano ang dapat gamitin? Ito ay ang 'salita ng buhay' na binabanggit sa Efeso 6:17. Ang armas na wawasak sa masamang plano ng kaaway na diyablo at Satanas ay ang 'Salita ng Diyos'.

Bilang isang espirituwal na mandirigma na sasabak sa espirituwal na labanan, dapat ninyong palakasin ang espiritu ninyo sa Salita ng Diyos. Hindi lang ninyo dapat unawain ang Salita, isabuhay din ninyo ito. Dito lang lalakas ang espiritu ninyo para makalaban nang walang takot. Kahit sa pisikal na labanan, sinasabing dapat gamay ng sundalo ang baril niya. Ang isang espirituwal na mandirigma ay dapat magkaroon ng malalim na kaalaman at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos.

Ang 'Salita ng Diyos' ay ang 'tinapay ng buhay' na ipapakain natin sa mga kaluluwa na dapat maligtas. Sinasabi sa Amos 8:11, na magkakaroon ng "...taggutom sa lupain, hindi taggutom sa tinapay, o pagkauhaw sa tubig, kundi sa pakikinig sa mga salita ng PANGINOON" sa pagwawakas ng panahon. Hindi na mabilang ang pag-aayuno at pananalangin ko sa Diyos, at ibinigay ng Diyos Ama sa iglesyang ito ang 'Ebanghelyo ng Kabanalan na may Limang Bahagi'. Binigyan Niya ang iglesyang ito ng mga salita para manumbalik ang nanghihinang mga kaluluwa at para sumagana rin ang kaluluwa ninyo.

Nagbigay din Siya ng 'Kapangyarihan' para patunayan na ang Ebanghelyo ng Kabanalan na may Limang Bahagi ay totoong Salita ng Diyos. Sa tuwing ipinagkakaloob sa akin ng Diyos ang kapangyarihan Niya, nakakapagpakita ako ng hindi mabilang na mga tanda at himala. Dagdag pa dito, ang iglesyang ito ay mayroong maalab na mga panalangin at mapagpalang mga papuri na nakakatulong sa mga ligtas na mapanatili ang kapuspusan ng Banal na Espiritu para lumago ang pananampalataya nila. Higit pa riyan, nakahanap na ng paraan ang iglesyang ito


2000 Banal na Krusada sa Uganda – iniulat sa CNN


2000 Pagpupulong na may Himala sa Nagoya


2000 Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan


2001 Banal na Krusada ng Ebanghelyo sa Kenya


2001 Krusada ng Pagkakaisa sa Pilipinas

Matapang na ipinahayag ni Dr. Jaerock Lee sa buong mundo na buhay ang Diyos na Manlilikha at si Jesu-Cristo ang tanging Tagapagligtas natin. Mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos na nagpapatunay na totoo ang Biblia!


Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong Setyembre 7, 2009

Si Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church

Umulan sana sa Israel.










Sa pangunguna ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa maraming krusada sa ibang bansa, pinatunayan niya na totoo ang Biblia at ipinahayag na ang Diyos na Manlilikha ay buhay at si Jesu-Cristo ang tanging Tagapagligtas natin.

Sa pamamagitan ng pananalangin niya, nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, nakapagsalita ang mga pipi, nakalakad at nakatalon ang mga pilay. Gumaling ang lahat ng klase ng karamdaman gaya ng kanser at AIDS. Higit pa riyan, dahil sa panalangin niya, lumihis ang mga bagyo at umulan sa mga bansang naghihirap sa tag-tuyot. Hindi mabilang ang nakitang makapangyarihang tanda, himala at pagkilos, na naging dahilan para maluwalhati ang Diyos.


Taya ng panahon sa Israel, Istasyon ng TV na pinapatakbo ng Gobiyerno – Channel 10

Nakakapagpalakas ng loob ang balita para sa mga hindi nakakaranas ng ulan sa mahabang panahon.




## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

para sa pagmimisyon sa buong mundo sa kanilang labindalawang krusada sa ibang bansa at sa tatlong taong pagmiministeryo sa Israel. Nakita namin na pwedeng magkaroon ng iglesyang pandaigdigan sa pamamagitan ng ministeryo ng pagbobrodkast at paglalathala.

Binigyan ng Diyos Ama ang iglesyang ito ng pinakamahuhusay na kagamitan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa. Kung ihahambing ito sa paghahanda para sa digmaan, parang binigyan kayo ng pinakamoderno at pinakamalakas na mga armas.

### Pangalawa, tinulungan ng Diyos Ama na lumago ang espiritu ng mga miyembro

Tinulungan kami ng Diyos Ama na lubos na mapalago ang buhay espirituwal namin para matupad ang kalooban Niya sa pagwawakas ng panahon. Dahil batid Niya ang kahalagahan nito, pinayagan Niyang makasabay ang iglesyang ito sa pagkilos ng espiritu magmula noong 2010. Ang mga may tapat na pananampalataya ay nakasabay sa pagkilos ng espiritu kaya mabilis ang paglago nila.

May mga nakagawa din ng napakaraming kasalanan at masasamang bagay. Noong panahong iyon, inako ko ang reponsibilidad bilang pastor, ipinanalangin ko sila at inihandog ang buhay ko bilang kapalit para sa mga miyembrong gustong magsisi. Kaya naawa at pinatawad sila ng Diyos Ama. Tinulungan din Niya silang maghangad ng maayos na buhay espirituwal. Kaya noong 2011, nagsikap ang mga miyembrong palakasin ang mga sarili nila sa Salita, at nalulugod na sila ngayon sa pananalangin.

Ang pagkilos ng espiritu noong 2012 ay iba kaysa noong 2011. Mabilis ang paglago ng pananampalataya nila noong 2011, pero bumagal noong 2012. Dahil ito sa pangunguna ng Diyos Ama sa pagkilos ng espiritu para palakasin ang pananampalataya nila noong 2012. Parang mabagal ang katuparan ng mga pangako Niya, tinitingnan lang Niya kung naniniwala sila sa sinasabi ng pastor o nagdududa sila. Kung hindi nag-alinlangan si Abraham sa mga pangako kahit na ano pa ang situwasyon, gusto ng Diyos na magkaroon din ng ganitong pananampalataya ang mga miyembro namin.

At gusto din ng Diyos na mahalin at makipagkaisa sila sa pastor nila. Ang mga tunay na nagmamahal sa Diyos at sa pastor ay tutulong sa mga pasanin niya. Sinabi ng Diyos Ama na sa loob ng 30 taon, wala pang katulad ang pagkakaisa ng kalooban ng mga miyembro noong 2012. Marami ang nagkaisa sa puso at isipan para magbigay ng kalakasan sa pastor. Taon ng napakaraming biyaya ang 2012.

Sinukat ng Diyos Ama ang pagtitiwala at pag-ibig ng bawat isa, at binigyan Niya sila ng espirituwal na pananampalataya ayon sa sukat nito. Tumanggap ng maraming kakayahan sa pagkilos ng espiritu noong 2012 ang mga mangagawang may pananampalataya. Habang lumalago ang pagmamahal at karunungan nila, at nagtatagumpay sa mga kahirapan, handa na silang mamuno sa panahon ng Santuwaryo ng Canaan.

### 3. Gumamit ng espirituwal na batas para dumami ang mga ligtas

Habang dumadami ang mga taong puspos ang espiritu, mas maayos nating matutupad ang kalooban ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao sa pagwawakas ng panahon. Dahil habang nagiging mas maliwanag ang ilaw, nababawasan ang kadiliman. Kaya kailangan natin ng mas maraming puspos ng espiritu para ang iglesya ay bumangon at magningning sa madilim na mundong ito kung saan laganap ang kasalanan at kasamaan.

Pagdating ng itinakdang oras, magniningning ng lubos ang mga taong puspos ang espiritu kasama ng pastor. Dahil dito, magkakaroon ng maraming pagkakataong maligtas ang mga taong nabubuhay sa kasalanan at kasamaan. Kung mapupuspos ang espiritu ninyo at magiging banal kayo, mas marami ang maliligtas. Ganito ang batas o pasya ng espirituwal na kaharian.

Samakatwid, dapat mapuspos ang mga espiritu ninyo, hindi lang para sa sarili ninyong kaluwalhatian kundi para din matupad ang katarungan para sa kaligtasan ng maraming kaluluwa. Kahit sa pagsasakripisyo at pagmamalasakit ko bilang pastor ninyo, maraming miyembro ang may pagkakataong maligtas at makasabay sa pagkilos ng espiritu. Panahon na para kayo naman ang gumawa ng tungkuling ito. Gawin ninyo ang nararapat at pagsikapang mapuspos ng espiritu at magpabanal. At ang liwanag ay makikita ng mga naghihingalong espiritu na nasa kadiliman dahil sa kanilang kasalanan at kasamaan. Dahil dito, matutupad ninyo ang kalooban ng Diyos na magligtas ng mas maraming kaluluwa sa pagwawakas ng panahon.

Kaya umaasa ako na mapupuspos kayo ng espiritu at mapapabanal, nasa isipan ang inyong tungkulin. Nawa ay sama-sama ninyong tuparin ang kalooban ng Diyos Ama sa Kanyang kaluwalhatian, sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, idinadalangin ko!


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee


2002 Krusada na may Mahimalang Pagpapagaling sa Honduras



2003 Pista ng Pagpapagaling sa Rusya


2004 Pista ng Pagpapagaling sa Germany


2004 Krusadang may Pagpapagaling sa Peru


2006 Pagpupulong na may Mahimalang Pagpapagaling sa DR Congo


2002 Pagpupulong at Pananalangin na may Banal na Pagpapagaling sa India – dinaluhan ng 3,000,000 tao


2006 Krusada sa New York


2009 Krusada ng Pagkakaisa sa Israel

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714



Tumanggap si Pastor Taesik Gil (dalubhasa sa pagtuturo at ministeryo) ng Sertipiko ng Pagpapahalaga bilang pagkilala sa mahigit na sampung taong pagmimisyon sa ibang bansa. Niluwalhati niya ang Diyos sa pagdadala niya ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa kaligtasan sa pamamagitan ng makapangyarihang pagkilos ng Espiritu saan man siya pumunta dala-dala ang panyong may kapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12).

# Ang Pag-ibig ng Panginoon sa mga taga-Pakistan at Sri Lanka

Pastor Taesik Gil (Daejeon Manmin Church, Timog Korea)

"...Hangga't hindi naihahasik at nagbubunga nang masagana ang binhi ng ebanghelyo sa Pakistan, isang Republikang Islam..."

Noong Oktubre 2000, idinaos ang krusada ng pagkakaisa sa Lahore, Pakistan, isang lugar na Islam. Pinangunahan ito ni Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church. Gumaling ang mga tao sa lahat ng klase ng karamdaman at napalayas ang masasamang espiritu mula sa isang taong 23 taon nang sinasapian. Marami ring hindi mabilang na makapangyarihang pagkilos ang naipakita. Ipinahayag din dito na si Jesu-Cristo ang tunay at tanging Tagapagligtas ng sangkatauhan kaya marami ang naging Cristiano. Kinilala ang krusadang iyon bilang pinakamalaking okasyong Cristiano sa isang bansang Muslim.

Habang nanonood ako ng krusada, damang-dama ko ang kasiglahan. 'Dapat akong tumulong sa pag-aani ng bunga ng ebanghelyong inihasik ni Dr. Lee. Papaano ko itatanim ang kalooban ng Diyos sa kanila? Ano ang dapat kong gawin para akayin ang mas maraming kaluluwa sa Ama bilang mga bunga ng Bagong Jerusalem?' Tumatak sa akin ang hangarin ng puso ni Dr. Lee na magbunga ng masagana para hindi masayang ang sakripisyo ng Panginoon at ang ministeryo ng pagliligtas.



Bumisita ako sa Pakistan ng labing-apat na beses at pinamunuan ko ang mga seminar para sa mga pastor at mga krusadang may mahimalang pagpapagaling sa labindalawang lugar tulad ng Karachi, Islamabad, at Azad Kashmir. Magmula noong 2010, pinalawak ko ang mga lugar ng ministeryo sa Sri Lanka at aktibo akong gumagawa dito.

## Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pag-iingat sa amin bawat sandali sa mata Niyang tulad ng nagniningas na apoy.

Inalagaan kami ng buhay na Diyos sa biyahe naming pang-misyon sa mga mapanganib na lugar sa Pakistan at biniyayaan kami para luwalhatiin Siya.

Noong Nobyembre 26, 2008, dumaan ako sa airport (paliparan) ng Thailand bago tumuloy sa Pakistan. Kinabukasan, isinara ang airport na ito dahil sa mga kilos-protesta laban sa gobiyerno. Kung nahuli ako ng isang araw, naantala sana ang ministeryo sa Pakistan!

Noong Abril 2009, umalis ako sa Pakistan bago mag-umaga pagkatapos ng pagmimisyon ko. Hindi nagtagal, nabalitaan kong nagdeklara ng giyera laban sa Taliban sa Pakistan noong umaga ding iyon. Nagpasalamat at niluwalhati ko ang Diyos.

Dahil sa mga pangyayaring ito, ang ministeryo sa Pakistan ay puno ng tensyon dahil sa patuloy na pagkilos ng mga teroristang Taliban, pero ramdam ko ang paggabay ng Diyos.

Noong Mayo 2011, nasa Bangkok ako pagkatapos ng pagmiministeryo ko sa Pakistan, nang may nabalitaan akong pangyayari. Tumaas ang banta ng terorismo doon dahil sa pagkamatay ni Osama bin Laden, ang nagtatag at pinuno ng al-Qaeda. Pero nangyari ito pagkatapos ng aming krusada na dinaluhan ng may 15,000 tao. Ang lahat ng ito ay dahil sa pagpapala ng Diyos.


Noong 2012, nagdaos ako ng krusada sa Hyderabad, Pakistan at sa Karachi. Pagdating namin sa Karachi, may nagbalita sa akin na mayroong kilos-protestang nangyayari sa Hyderabad dahil may pinatay na isang politiko mula sa isang malaking partido. Naging dahilan ito ng matinding sikip ng trapiko at pagsara ng mga pamilihan. Ibinalita sa TV na mahigit sa apatnapung bus ang sinunog. Kung nangyari ito nang mas maaga, hindi ako nakapag-krusada sa Hyderabad.

## Niluluwalhati ko ang Diyos dahil niloob Niyang magkaroon ng 400 sangay at katuwang na iglesya sa Pakistan at Sri Lanka

Sa ngayon, mayroong mga 330 sangay at katuwang na iglesya ang Manmin sa Pakistan. Sa Sri Lanka, mga 70 iglesya ang nagrehistro bilang sangay at katuwang namin habang nagmiministeryo ako sa pitong lungsod nito sa loob ng limang biyaheng pang-misyon. At nangyayari ito sa pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng GCN TV, mga libro ni Dr. Jaerock Lee, Balitang Manmin sa wikang Urdu, at mga pagtuturo mula sa MIS (Manmin International Seminary).

Ang mga programa ng GCN TV na nangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at ng mga makapangyarihang pagkilos ay ibinobrodkast sa Isaac TV (Pastor Anwal Fazzal – pangulo). Anim na mensahe ni Dr. Lee ang ibinobrodkast bawat araw; tatlong beses sa wikang Ingles at tatlong beses sa wikang Urdu. Ang mga pagtatanghal ng komite ng sining ng Manmin ay ipinapalabas din. Nakikipagtulungan ang Isaac TV sa 253 istasyon ng cable TV kung saan napapanood ang mga programa ng GCN TV sa 73 na lugar. Nakikinig sa ebanghelyo ng kabanalan dahil sa cable TV ang mga tao sa buong probinsya ng Sindh na may 26 malalaking lungsod tulad ng Karachi. At ibinobrodkast ang GCN TV ng mahigit sa walong oras bawat araw sa Gitnang Silangan.

Nagising na ang mga kaluluwa ng maraming taga-Pakistan, at mula ngayon, gusto kong tumulong sa pagpapalago ng pananampalataya nila para mapasakanila ang mas magandang tirahan sa Langit. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na may Tatlong Persona.



Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan ni Dr. Jaerock Lee, taong 2000